

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Mga Dungawan ng Langit

Genesis 27:1-28

Ang Kasaysayan...

Hindi pa kailanman naranasan ni Jacob na nag-iisa at nangangailangan—at lahat ng ito ay dahilan sa kanyang pandaraya at kasakiman. Una, sinuhulan niya ang kanyang nakatatandang kapatid na si Esau, upang ipagbili sa kanya ang pagiging panganay. At sa tulong ng kanyang ina, nalinlang niya ang kanyang bulag na amang si Isaac upang ibigay sa kanya ang pagpapala na nararapat kay Esau.

Tumatakas siya ngayon upang maiwasan ang bantang pagpatay ng kanyang kapatid. Yumuko siya at umiyak nang maisip niya na ang lahat ng kanyang sakim na panukala ay hindi nagtagumpay. Nag-iisa sa ilang, na tanging bato ang unan, at isang tungkod ang pananggalang, sinikap niyang magpahinga. Iniisip niya kung muli niyang makikita ang kanyang mga magulang at makamtan ang kapatawaran ng Dios. Dahil sa matinding pagod, si Jacob ay nakatulog. Di nagtagal, nasumpungan niya ang kanyang sarili na naliligo sa maningning na silahis ng isang maliwanag na panaginip. Nakita niya ang isang naglalagablab na liwanag na umaagos mula sa bukas na kalangitan, na mayroong magandang hagdanan na nag-uugnay ng kaluwalhatian sa itaas at ng lupa sa ibaba. Di mabilang na kumikislap na mga anghel ang nagmamamhik-manaog sa hagdanang ito. At narinig ni Jacob ang Panginoon na nagsalita mula sa langit na may pangako ng pagpapala para sa kanya sa kanyang paglalakbay.



Tiniyak sa kanya ng Panginoon ang gayon ding tipan na ginawa Niya kay Abraham at kay Isaac. Nang siya ay magising, lumuhod siya at nangako na kanyang

tatalikdan na ang kanyang makasariling mga daan. Ipinangako niya, “At sa lahat ng ibinigay Mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasampung bahagi ay ibibigay ko sa Iyo.” Genesis 28:22.

Tinanggap ng Dios ang kanyang pangako at binubuksan ang mga dungawan ng langit, at nangyari na nang magbalik sa tahanan si Jacob, pagkalipas ng dalawam pung taon, siya ay naging masagana at mapagbigay na tao.

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Saan natutuhan ni Jacob ang pagbabalik ng ikasampung bahagi sa Dios?

Genesis 14:18, 20 *At si Melquisedec ... na saserdote ng Kataastaasang Dios ... At binigyan Siya ni Abraham ng _____ ng buong samsam.*

PALIWANAG: Ang ikapu ay ikasampung bahagi ng kinikita ng isang tao. Si Abraham, ninuno ni Jacob, ay nagbigay ng halimbawa, maraming taon na ang nakalipas, nang magbigay siya ng ikapu sa saserdote ng Dios, si Melquisedec.

2. Anong bahagi ng ating kinikita ang sa Dios?

Leviticus 27:30 *At lahat na _____ ... ay sa _____ magiging banal sa Panginoon.*

PALIWANAG: Sa katotohanan, ang lahat ng ating tinatangkilik ay sa Dios. Awit 24:1 Ang lupa ay sa Panginoon, at ang buong narito; Ang sanlibutan, at silang nagsisitahan dito. Ngunit nais ng Dios na ating kilalanin na ang lahat ay sa Kanya sa pamamagitan ng pagbabalik ng ikapu o “diez por ciento” ng ating tinatanggap.

3. Ano ang ginagawa ng Dios sa ating ikapu?

Mga Bilang 18:21, 24 *At sa mga anak ni Levi ay narito, aking ibinigay ang lahat ng _____ sa Israel na pinakamana, na ganti sa kanilang ipinaglingkod. ... Ang _____ ng mga anak ni Israel, ... Aking ibinigay sa mga Levita na pinakamana.*

I Korinto 9:13, 14 *Hindi baga ninyo nalalaman na ang mga _____ sa mga bagay na banal ay _____ ng mga bagay na ukol sa templo? at ang mga nagsisipanglingkod sa dambana ay mga kabahagi ng dambana? Gayon din naman ipinag-uutos ng Panginoon na ang mga _____ ng ebanghelyo ay nangabubuhay sa ebanghelyo.*

PALIWANAG: Sa Matandang tipan, itinagubilin ng Dios na ang ikapu ay gagamitin upang itaguyod ang mga Levita na kanyang mga ministro. Sa 1 Corinto 9:13, sinasabi ng Dios na kung ang mga saserdote ng unang panahon ay binabayaran mula sa ikasampung bahagi ng templo, ang mga ministro ngayon ay nararapat bayaran mula sa ikapu na ibinibigay sa iglesya.

4. Ang pag-iikapu ba ay bahagi ng matandang kautusan ni Moises, na nagwakas sa krus?

Genesis 28:20, 22 *At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, ... at sa lahat na ibinigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasampung bahagi ay _____ ko sa iyo.*

PALIWANAG: Hindi! Si Abraham at Jacob ay kapwa nagkaloob ng ikapu sa Dios matagal pa bago ibinigay ang kautusan ni Moises. Sapagkat nauna ito kaysa sa Sinai, batid natin na ito ay hindi bahagi ng kautusang seremonyal na nagwakas sa krus. Ang kautusan ng pag-iikapu ay panukala ng Dios para sa pagtataguyod ng ministeryo, at ito’y nanatili hanggang ngayon.



5. Hindi ba itinakwil ni Jesus ang panukala ng pag-iikapu?

Mateo 23:23 *Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! Sapagkat nangagbibigay kayo ng _____ ng yerbabuena at ng ani, at ng mga komino, at inyong pinabayaang di ginagawa ang lalong mahahalagang bagay ng kautusan, na dili't iba ang katarungan, at ang pagkahabag, at pananampalataya datapuwa't inyo sanang ginawa _____ at huwag pinabayaang di gawin yaong iba.*

PALIWANAG: Hindi. Nakita ni Jesus ang mga kahabaghabag na mga Pariseo na isa-isang binibilang ang mga dahon at maliliit na buto para sa pag-iikapu, sa halip na dalhin ito sa templo nang nasa sisidlan. Ito ang Kanyang tinutulan, na mahigpit nilang ginagawa, at sila ay nagkukulang sa katarungan, kahabagan, at pananampalataya. Hindi Niya itinakwil ang panukala ng ikapu, kundi ang kanilang pagwawalang bahala sa mga ibang mahahalagang simulain ng Kristiyanismo. Kaya ang sinabi ng Panginoon, "Dapat sana ninyong ginawa ito (ang pag-iikapu), at huwag pabayaang di gawin yaong iba."

6. Anong kahangahangang pangako tungkol sa pag-iikapu ang ginawa ng Dios?

Malakias 3:10 *Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig, ... at _____ ninyo Ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko _____ sa inyo ang mga dungawan ng _____, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.*

PALIWANAG: Sinasabi ng Dios: "Kung kayo ay nag-aalinlangan, subukin ninyo ang mag-iikapu. Subukin ninyo Ako, at makita kundi Ko ibabalik sa inyo ang isang pagpapala na lubhang sagana para inyong tanggapin." Daang libo ang makapagpapatunay sa inyo na ito ay totoo.

7. Sinasabi ng Dios sa Kanyang bayan na dalhin ang lahat ng ikapu sa kamalig. Ano ang ibig sabihin nito?

Nehemias 13:12 *Nang magkagayon ay dinala ng buong Judea ang ikasampung bahagi ng trigo at ng alak ng langis sa mga _____.*

PALIWANAG: Ang kamalig ay siyang kabangyaman ng iglesia ng Dios. (Ang "Bible margin" ay may kasinghulugan ang "kabangyaman" at "kamalig"). Sa Malakias 3:10 ay tinutukoy ng Dios ang kamalig na "Aking bahay," na nangangahulugang ang Kanyang Iglesia, o templo. Ang ibang mga talata na tumutukoy sa kamalig na siyang iglesia ay: I Kronika 9:26 (tingnan ang "margin"); 2 Kronika 31:11, 12 (tingnan ang "margin") at Nehemias 10:37, 38. Maliwanag na ang kamalig ay siyang kabangyaman ng iglesia ng Dios.

8. Kung tayo ay nag-iikapu, sino ang tunay na tumatanggap ng ating salapi?

Sa mga Hebreo 7:8 *At dito'y ang mga taong may kamatayan ay tumanggap ng ikasampung bahagi at doon _____ (Jesus) na pinatutunayan na nabubuhay.*

Colosas 3:23 *Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso na gaya ng sa _____, at hindi sa mga tao.*

PALIWANAG: Kailangan nating tandaang lagi na hindi tayo nagbabalik ng ating ikapu sa mga tao, kundi sa Dios. Ito ay sa Kanya. Hindi tayo dapat mag-alaala kung paanong ginagamit ang ikapu kung ibinibigay ito sa Dios. Siya ay sapat na mangalaga ng Kanyang sariling salapi at pangasiwaan ng sinoman na may kapanagutang pangasiwaan ang mga ito.





9. Bukod sa aking ikapu, na pag-aari ng Dios, ano pa ang hinihiling Niya sa Kanyang bayan?

Awit 96:8 *Kayo mangagdala ng _____, at magsipasok kayo sa Kanyang mga looban.*

Malakias 3:8 *Ninanakawan ba ng tao ang Dios? Gayon man ay ninanakawan ninyo Ako. Ngunit sinasabi ninyo, Saan ka namin ninanakawan? Sa ikapu at mga _____.*

PALIWANAG: Nais ng Dios na magkaloob tayo ng mga kusang-loob na handog bilang kapahayagan ng ating pag-ibig sa Kanya at pagpapasalamat sa Kanyang mga pagpapala.


10. Gaano ang dapat nating ibigay na mga handog?

2 Kor 9:7 *Magbigay ang bawat isa ayon sa ipinasya ng kanyang _____; huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan sapagkat iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya.*

PALIWANAG: Ang Bibliya ay hindi nagtatakda ng tiyak na halaga. Ang bawat isa ay nagpapasya kung gaano ang ibibigay na kusang-loob na handog.

11. Sa anong pagsubok nabigo si Eba at Adan, na kailangan nating pagtagumpayan kung nais nating magmana ng kaharian ng Dios?

Gen. 3:3 *Ngunit sa bunga ng _____ na nasa gitna ng halamanan, sinabi ng Dios, _____ kakain niyaon, ni _____, baka kayo mamatay.*



PALIWANAG: Sinabi ng Dios na si Eba at Adan ay makakain ng bunga ng lahat ng mga punongkahoy sa halamanan, maliban sa isa—ang puno ng pagkakilala ng mabuti at masama. Hindi sila dapat na kumain ni humipo noon, sapagkat sila'y mamamatay. Hindi ito binakuran ng Dios kundi inilagay sa maaaring abutin at pumitas ng bunga. At sila'y pumitas, sapagkat hindi sila nagtiwala sa Dios. Ngayon, ibinibigay sa atin lahat ng Dios ang gayon ding pagsubok. Sinasabi Niya, "Sa inyo nang lahat ang salaping sumasainyo, maliban sa ikasampu. Yaon ay Akin. Huwag ninyo itong kukunin." Ngunit kapag ginawa natin ito, inuulit natin ang kasalanan ni Adan at Eba. Hindi kailangan ng Dios ang bunga ng ipinagbawal na puno. Ito'y subukan ng kanilang katapatan. Hindi rin Niya kailangan ang ating ikapu. Pag-aari Niya ang lahat! Ito'y subukan ng ating pag-ibig, katapatan, at pagtiwala.

12. Anong utos ang nilalabag natin kapag hindi tayo nagbabalik ng ating mga ikapu at handog sa Dios?

Malakias 3:8 *_____ ba ng tao ang Dios? Gayunman ay _____ ninyo Ako. Ngunit sinasabi ninyo, Saan Ka namin ninanakawan? Sa mga ikapu at mga handog?*

Exodo 20:15 *Huwag kang _____.*

PALIWANAG: Sinasabi ng Dios na yaong mga nakababatid na sila'y hindi tapat sa mga ikapu at handog ay mga magnanakaw. Lubhang masama kapag ang tao ay nagnanakaw sa kanyang kapwa, ngunit nakababagabag na isiping ang tao ay nanakawan ang Dios! Mahirap ding paniwalaan na ang tao ay magpapakababa upang magnakaw ng salapi na itinalaga ng Dios para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo para sa mga waglit.



13. Ano ang sinasabi ng Dios na mangyayari sa mga nakakaalam na ninanakawan nila ang Dios ng mga ikapu at handog?

Malakias 3:9 *Kayo'y nangasumpa ng _____ sapagkat inyo Akong ninakawan, samakatuwid bagay nitong buong bansa.*

I Kor. 6:10 *Ni _____, ni ang mga masasakim, ni ang mga maglalasing, ni ang mga mapagtungyaw, ni ang mga manlulupig, ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios.*

PALIWANAG: Yaong hindi mga tapat sa mga ikapu at handog ay sinumpa, at malibang sila ay magbago, sila'y hindi tatanggapin sa kaharian ng Dios bilang magnanakaw.

14. Bakit lubhang mapanganib ang mapag-imbót?


Lukas 12:34 *Sapagkat kung saan naroon ang inyong _____ ay naroon din ang inyong puso.*

PALIWANAG: Ang pag-iimbót ay nakamamatay, sapagkat ang ating mga puso ay sumusunod sa ating mga puhunan. Kung ang aking layunin ay magkamal pa nang higit at higit pang salapi, ang aking puso ay nagiging mapag-imbót, mapagsamantala, at mapagmalaki. Ngunit kung ang aking nais ay pasulungin ang gawain ng Dios, ang aking puso ay magiging maarugain, mapagmahal, mapagbigay at mapagpakumbaba. Walang pagsalang ang ating mga puso ay susunod sa ating kayamanan. Huwag nating lilimutin kailanman na ang pagnanasa at pag-iibig sa salapi ni Judas ang umakay sa kanya upang pagtaksilan si Jesus kapalit ng 30 putol na pilak (Mat. 26:14-16).

15. Ano ang inyong inaakala na damdamin ng Panginoon kapag ninakawan natin Siya ng mga ikapu at handog?

Sa Mga Hebreo 3:10 *Dahil dito'y _____ Ako sa lahing ito, at Aking sinabi, Sila'y nangagkamali sa kanilang mga puso.*

PALIWANAG: Marahil nadarama ni Jesus ang nadarama ng magulang kapag ang kanyang anak ay nagnanakaw ng salapi sa kanyang pitaka. Hindi mahalaga ang pagkawala ng salapi. Ang kakulangan ng anak ng katapatan, pag-iibig at pagtitiwala ang lubhang nakasisiphayo. Tiyak na walang isa man sa atin ang may nais na sugatan ang puso ng ating Tagapagligtas.



16. Anong iba pang mga simulain ng Biblia ukol sa pagbibigay ang nais na ipagkaloob ng Dios?

A. 2 Kor: 8:5 *Ibinigay muna nila ang _____ sa Panginoon.*

B. Mga Kaw. 3:9 *Parangalan mo ang Panginoon ng iyong tinangkilik, at ng mga _____ ng lahat mong ani.*

C. Mga Kaw. 11:24, 25 *May mga nagsasabog, at _____ At may humahawak naman nang higit kay sa karampantan, ngunit nauuwi lamang sa kahirapan. Ang kaluluwang _____ ay tataba: At siyang dumidilig ay madidilig din.*

D. Mga Gawa 20:35 *Lalo pang _____ ang _____ kaysa tumanggap.*

E. Lukas 12:21 *Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang _____, at hindi _____ sa Dios.*

F. Lukas 6:38 *Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan takal na mabuti, pikpik, liglig at _____.*



G. I Kor. 16:2 *Ang bawat isa sa inyo ay magbukod na magsimpan, ayon sa kanyang _____.*

H. Deut. 16:17 *Bawat lalaki ay magbigay ng kanyang kaya, _____ sa _____ na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios.*

PALIWANAG: Ang siyam na bahagi ng aking kinikita ay higit pa ang magagawa kaysa sampung bahagi na walang pagpapala ng Dios. Nagkataon na kapag binuksan ng Dios ang mga dungawan ng langit ang Kanyang mga pagpapala ay hindi laging salapi. Maaaring kasama rito ang mga bagay na tulad ng kalusugan, kapayapaan ng isip, mga tinugong panalangin, proteksyon, malapit na samahan at nagmamahalang sambayanan, kalakasang pisikal, kakayahang gumawa ng matalinong pagpapasya, paglakad na kasama ng Panginoon, matagumpay na paghikayat ng kaluluwa, lumang sasakyan na napapakinabangan pang mabuti, atibapa. Kung tunay na minamahal natin ang Panginoon, ang pagbibigay na may pagmamalasakit para sa Kanyang gawain ay hindi magiging isang pagbigat kailanman. Sa halip ito at isang pagpapala ... maluwalhating karapatan na ating magagawa nang may dakilang katuwaan at kasiyahan.

17. Ano ang kinakatawanan ng hagdang nakita ni Jacob sa kanyang panaginip?

Juan 1:51 *Makikita ninyong bukas ang langit, at ang mga anghel ng Dios na nagmamanhik-manaog sa _____ ng _____.*

PALIWANAG: Si Jacob ay nakakita ng hagdan na nag-uugnay sa langit at lupa, na kinakatawan ng Anak ng tao. Sa Malakias 3:10, sinasabi ng Dios na kung dadalhin natin ang lahat ng ikapu sa kabangyaman, ay bubuksan ng Dios para sa atin ang mga dungawan ng langit at ibubuhos ang pagpapalang halos hindi natin kayang tanggapin. Ang pagpapalang yaon ay si Jesus.

18. Ano ang pinakadakilang kaloob ang maibibigay natin kay Jesus?

Mga Kaw. 23:26 *Anak ko, ibigay mo sa akin _____, At malugod ang iyong mga mata sa Aking mga daan.*

Markos 7:6 *Ang bayang ito ay iginagalang Ako ng kanyang mga labi, datapuwa't ang _____ ay malayo sa Akin.*

PALIWANAG: Kapag taglay ni Jesus ang ating mga puso, taglay rin Niya ang lahat ng iba pang mga bagay.



Ang Iyong Tugon

Kapag tayo ay tapat sa ating mga ikapu at mga handog, si Jesus ay nagiging kasama natin sa lahat ng bagay na sinisikap natin sa buhay. Kusang-loob mo bang inaanyayahan Siya na maging kasama sa pamamagitan ng pagbabalik ng ikapu at pagbibigay ng mga handog?

TUGON: _____